
PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Pebrero 20, 2020
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

\$5 milyong pondo ng VW, magagamit na para sa mga istasyon para sa hydrogen refueling sa California

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang pagkakaroon ng Volkswagen Environmental Mitigation Trust ng \$5 milyong pondo para sa mga istasyon para sa hydrogen refueling.

Ang pondo ng VW ay karagdagan sa \$45.7 milyong magagamit sa kasalukuyan sa pamamagitan ng oportunidad para sa pagpopondo ng gawad ng Komisyon sa Enerhiya ng California, ang [GFO-19-602 - Imprastruktura para sa Hydrogen Refueling](#).

Upang maging kwalipikadong sumali, dapat mag-apply ang mga developer ng istasyon sa competitive solicitation ng [GFO-19-602 - Imprastruktura para sa Hydrogen Refueling](#) hanggang 5 p.m., Huwebes, Abril 30, 2020. Ang mga kwalipikadong aplikasyon na magmumungkahing bumili at magtayo ng imprastruktura para sa light-duty na hydrogen refueling na magagamit ng publiko, na nakakatugon sa mga kinakailangan sa solicitation ng Komisyon sa Enerhiya ng California ay maaaring bigyan ng pondo ng VW.

Upang makapakinig sa isang recording ng WebEx para sa workshop bago ang aplikasyon, bumisita sa:

<https://www.energy.ca.gov/solicitations/2019-12/gfo-19-602-hydrogen-refueling-infrastructure>.

Bukod pa rito, magho-host ang Bay Area Air Quality Management District ng online na sesyon na nagbibigay ng impormasyon sa pondo ng VW para sa mga istasyon para sa hydrogen refueling sa Huwebes, Pebrero 27, 2020 nang 3 p.m. Hinihikayat ang mga interesadong partido na dumalo, ngunit hindi ito kinakailangan. Kailangang [magparehistro](#) upang makadalo sa sesyon.

Ang VW Environmental Mitigation Trust ay isang pambuong-bansang programa na nagbibigay ng pondo sa California upang ganap nitong mabawasan ang labis-labis na emisyon ng NOx na dulot ng paggamit ng VW, sa mga sasakyang gumagamit ng diesel, ng mga defeat device na sumusuri ng mga ilegal na emisyon. Inaasahang makakatulong ang mahigit sa 20 porsyento ng kabuuang pondo ng proyekto na magagamit para sa mga istasyon ng hydrogen sa mahihirap na komunidad at komunidad na mababa ang kita.

Ang \$5 milyong pondo ng VW para sa mga istasyon para sa hydrogen refueling ay bahagi ng kategoryang Imprastruktura para sa Light-Duty na Sasakyang May Zero na Emisyon, na isa sa

limang kategorya na magbibigay ng pondo sa pamamagitan ng programang VW Environmental Mitigation Trust sa California.

Idinedetalye ng sumusunod na listahan ang apat na iba pang kategorya ng proyekto sa ilalim ng programang VW Environmental Mitigation Trust sa California at ng panrehiyong ahensiya para sa kalidad ng hangin na itinalaga upang ibigay ang mga pondo sa buong estado sa ngalan ng CARB:

- [Mga Proyekto para sa Pampublikong Bus, School Bus, at Shuttle Bus na May Zero na Emisyon](#), na ibinibigay ng Distrito ng Pagkontrol sa Polusyon sa Hangin ng San Joaquin Valley.
- [Mga Class 8 na Freight at Port Drayage Truck na May Zero na Emisyon](#), na ibinibigay ng Distrito sa Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng South Coast.
- [Mga Proyekto sa Freight at Transportasyon sa Karagatan na May Zero na Emisyon](#), na ibinibigay ng Bay Area Air Quality Management District.
- [Mga Proyekto sa Freight at Transportasyon sa Karagatan na Nauugnay sa Pagniningas](#), na ibinibigay ng Distrito ng Pagkontrol sa Polusyon sa Hangin ng South Coast.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa VW Environmental Mitigation Trust, mga kategorya ng proyekto, o karagdagang detalye sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa programa ng Imprastruktura para sa Light-Duty na Sasakyang May Zero na Emisyon, bumisita sa www.californiavwtrust.org, mag-email sa CaliforniaVWTrust@baaqmd.gov, o tumawag sa 1-844-9VW-FUND.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)